



# Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang Katanungan PARA SA MGA TAONG MAHIHINA ANG IMYUNIDAD

## Bakit ang mga taong mahihina ang sistema ng imyunidad ay nangangailangan ng mas maraming dosis?

Ang mga taong may [banayad o malubhang mga pinahinang sistema ng imyunidad](#) (hal., mga kanser na may kinalaman sa dugo o ilang mga partikular na paggamot sa kanser, paglipat ng bahagi ng katawan, at ilang mga partikular na kondisyong autoimmune) ay lalong mas madaling talban ng COVID-19. Mas marahil na sila ay magkaroon ng COVID-19 kaysa sa mga taong may normal na mga sistema ng imyunidad. At kung sila ay mahahawa, sila ay mas marahil na lubhang magkasakit at maikalat ang virus sa iba.

Dagdag pa dyan, ang ilang mga taong may mahihinang sistema ng imyunidad ay hindi bumubuo ng sapat na proteksyon mula sa pamantayang mga serye sa COVID-19. Dahil dito, inirerekomenda na sila ay kumuha ng mas maraming dosis ng bakuna dagdag pa ang pagkuha ng ilang mga dosis sa mas maikling pagitan ng oras.

## Ilang mga dosis ang dapat kong makuha?

Kung ikaw ay 5 taon pataas at mayroon kayong banayad o malubhang pinahinang sistema ng imyunidad, dapat kang kumuha ng karagdagang dosis ng bakuna sa COVID-19 para kumpletuhin ang inyong *pangunahing serye*. Nangangahulugan ito na:

- 3 dosis ng bakunang Pfizer o Moderna – 0 –
- 1 dosis ng bakunang J&J at pagkatapos ay isang dosis ng alinman sa bakunang Pfizer o Moderna.

Kung ikaw ay edad 12 pataas at mayroon kang banayad o malubhang pinahinang sistema ng imyunidad, dapat ka ring kumuha ng hindi bababa sa isang pampalakas na dosis.

- Kung kumuha ka ng mga bakunang Pfizer o Moderna para sa iyong pangunahing serye, dapat kang kumuha ng pampalakas na dosis na hindi bababa sa 3 buwan pagkatapos ng iyong ika-3 dosis para sa kabuuan na 4 na dosis.
- Kung kumuha ka ng bakunang J&J bilang iyong pangunahing dosis at bakunang Pfizer o Moderna bilang iyong karagdagang dosis, dapat kang kumuha ng pampalakas na bakuna (booster) na hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng dosis na Pfizer o Moderna para sa kabuuan na tatlong dosis.

Kung ikaw ay edad 12 pataas, mayroon kang opsyon na kumuha ng [ika-2 pampalakas](#) ng bakunang Pfizer o Moderna na hindi bababa sa 4 na buwan pagkatapos ng iyong unang pampalakas na bakuna para sa kabuuan na 5 dosis. Ikonsidera ang pagkuha ng pampalakas na bakunang ito sa lalong madaling panahon.

**Tanungin ang iyong doktor tungkol sa pinakamahasag na oras sa iyong karagdagan at/o pampalakas na (mga) dosis batay sa iyong kasalukuyang plano ng paggamot. Lalong mahalaga ito kung ikaw ay magsisimula na o muling magsisimula ng paggamot para pahinain ang imyunidad (immunosuppressive treatment).**

Tingnan ang [Iskedyul ng Bakuna sa COVID-19](#) sa [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinate.lacounty.gov) para sa impormasyon sa lahat ng inirerekomendang pangunahin at pampalakas na mga dosis para sa mga taong may mahinang imyunidad (ika-2 pahina).

## Anong iba pang mga hakbang ang dapat kong gawin para protektahan ang aking sarili?

Mahalagang gumawa ng iba pang mga hakbang para protektahan ang iyong sarili sa COVID-19 dagdag pa sa pagkuha ng bakuna sa COVID-19:

- **Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa gamot para pigilan ang COVID-19.** Ang gamot na tinatawag na Evusheld ay makukuha na ngayon para mapigilan ang impeksyon ng COVID-19 sa mga taong hindi nakakabuo ng sapat na proteksyon mula sa bakuna lamang. Ibinibigay ito bilang 2 hiwalay na iniksyon sa puwet sa minsanang pagbisita. Maaari itong ibigay sa mga taong edad 12 pataas na tumitimbang nang hindi bababa sa 88 libras (pounds).



# Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang Katanungan PARA SA MGA TAONG MAHIHINA ANG IMYUNIDAD

Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang webpage na [ph.lacounty.gov/covidmedicines](https://ph.lacounty.gov/covidmedicines).

- **Magsuot ng pamprotektang maskara** tulad ng lapat na kasyang respireytor (hal., N95, KN95, KF94) o [dobleng maskara](#) para sa mas mataas na antas ng proteksyon. Iwasan hangga't maaari ang siksikang mga panloob na lugar o espasyo na may mahinang daloy ng hangin. Para sa mga detalye, tingnan ang [double mask](https://doublemaskph.lacounty.gov/reducerisk) at [ph.lacounty.gov/masks](https://ph.lacounty.gov/masks).
- **Hikayatin ang mga taong nakakasama mo na tumulong na protektahan ka.** Dapat silang [napapanahon](#) sa kanilang mga bakuna sa COVID-19, kumuha ng [ika-2 pampalakas na bakuna](#) kung kwalipikado, at gumawa ng iba pang mga hakbang para [pababain ang kanilang panganib](#) na magkaroon at maipasa sa iyo ang COVID-19.

## Saan ako maaaring kumuha ng mas marami pang impormasyon?



- Para ilimbag (print) o tingnan itong Mga Madalas na Katanungan (FAQ o FAQs) sa iba pang mga paksa ng bakuna sa COVID-19, iiskan ang QR na kodigo (code) o bisitahin ang [Mga Madalas na Katanungan \(FAQs\) sa Bakuna sa COVID-19](#).
- [VaccinateLACounty.com](https://VaccinateLACounty.com) – kabilang ang [Mga Iskedyul ng Bakuna sa COVID-19](#) na may mga larawan (graphics) para ipakita kung kailan itinakda ang bawat dosis at impormasyon sa [Kung Paano Mababakunahan](#).
- Tingnan ang webpage ng CDC na [Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong may Banayad o Malubhang Mahinang Imyunidad](#) para matuto pa.
- Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.